


Mga Alituntunin sa Panonood ng Cetacean ng IAATO



Paglapit sa mga Balyena sa Tubig



May Balyena? BAGALAN MUNA!

Zone 1: 400m/1200ft

- <5 knot AT huwag umandar nang mas mabilis sa wake speed
- Huwag lumapit nang <200m kapag nagpapakain ng mga balyena
- Lapitan ang mga hayop nang parallel sa likod o bahagyang mula sa likod
- Manatili sa direksyon ng hangin

Zone 2: 100m/300ft para sa lahat ng vessel

- Huwag nang lumapit pa
- Idle na makina, naka-neutral
- Kapag papatayin ang makina, i-idle muna ang makina nang 5 minuto
- Iwasan ang biglaang pagbabago sa tunog ng makina na maaaring ikagulat ng hayop
- Iwasang gumamit ng mga lateral thruster para manatili sa puwesto dahil nakakagawa ang mga ito ng matinding cavitation

Pangkalahatang Alituntunin sa Panonood sa Lahat ng Marine Mammal

- Maaaring lapitan at sundan ng mga hayop ang iyong vessel Kung mangyayari ito, ipaanod ang vessel, ngunit ang pagpapaanod papalapit nang mas malapit sa katanggap-tanggap na distansya sa hayop ay itinuturing na sinasadyang paglapit.
- Huwag habulin o sundan ang mga hayop
- Maaaring baguhin ng mga hayop ang kanilang asal kapag sila ay nabulabog, kapag nag-aalangan, bigyan ang mga hayop ng oras at espasyo.
- Maging mapagmatyag kung nababalisa ang hayop at, kung matutukoy ito, hayaan ang hayop na umalis at dahan-dahang lumayo:
 - Regular na magbago ng direksyon o bilis, palayo sa hayop
 - Malinaw na karaniwang pagkabalisa
- Ang pag-ahon at paghampas ng buntot at palikpik ay nagpapahiwatig ng pag-socialize at maaaring hindi napapansin ng mga hayop ang mga bangka. Dumistansya
- Kung may lalapit na hayop sa isang vessel upang mag-bow ride, huwag baguhin ang direksyon at bilis. Huwag mang-abala ng pangkat ng mga dolphin upang hikayatin ang mga itong mag-bow ride.
- Kung may hayop na aahon malapit sa iyong vessel, gawin ang lahat ng pag-iingat upang maiwasang bumangga, habang iniwasan ang mga biglaang pagbabago ng bilis o direksyon.
- Alamin kung nasaan ang iba pang vessel at harang gaya ng mga dalampasigan upang matiyak na hindi makukulong ang hayop
- Kapag nanonood ng mga hayop sa tubig, inirerekomenda ang hindi lalampas sa dalawang barko o apat na maliliit na bangka para lumapit
- Dapat magkatabi ang mga bangkang magkasabay na nanonood sa mga hayop upang matiyak na may malinaw na daraanan ang mga hayop upang makaalis
- Kung may mga Orca na lumalapit sa mga kayak at 'nagsa-spy hopping' ang mga ito, tiyaking mayroong safety boat na malapit sa mga kayak at pag-isipang ilipat ang mga paddler mula sa kayak papunta sa safety boat

Kadalasang napakamausisa ng mga cetacean at maaaring lumapit ang mga ito sa mga vessel o watercraft. Mahalagang may kontrol ang hayop sa lahat ng oras

Pangkalahatang Code of Conduct Kapag Malapit sa mga Marine Mammal:

	Samahan ang hayop nang hanggang 30 minuto. Kung magkakaroon ng mga senyales ng pagkabulabog o pagbabago ng pagkilos anumang oras habang kasama ang mga hayop, dahan-dahan at tahimik na lumayo.		Makipag-usap sa iba pang bangka upang mabawasan ang istorbo sa mga hayop.
	Huwag magtipon (palibutan ang mga ito), maghiwa-hiwalay, o magtaboy ng pangkat ng mga marine mammal, lalo na ng mga ina at inakay. Kung saan naaangkop, manatili kung saan ka nila nakikita. Huwag manghabol ng mga hayop.		Iwasang ang mga biglaang paggalaw na maaaring makagulat sa hayop.
	Kapag malapit sa mga marine mammal, hinaan lang ang mga boses, huwag pumito o sumigaw.		Huwag subukang hawakan o pakainin ang mga hayop.
	Panatiliing mahina ang volume ng radyo.		Hindi dapat mag-play ng anumang tunog sa ilalim ng tubig. Kung gumagamit ng mga hydrophone mula sa maliliit na bangka upang pakinggan ang mga tunog sa ilalim ng tubig, mas mainam na patayin ang mga makina ng maliliit na bangka.

Pag-alis sa Panonood sa Balyena sa Tubig

- Umalis nang sa bagal na no-wake speed hanggang sa layong 400m (1200ft), iwasang paganahin ang mga propeller sa loob ng minimum na distansya ng paglapit hangga't maari